# ISANG PA-ANYAYA

## POST-ARRIVAL ORIENTATION BRIEFING / SUNDAY CONSULAR SERVICES / FILM SHOWING

*Kabayan,*

*Ikaw ba ay bagong dating sa Cambodia at mayroong mga katanungan tungkol sa iyong pamamalagi sa bansang ito? Nais mo bang maintindihan ang immigration procedures ng Cambodia? Gusto mo bang makasalamuha at makipagtalakayan sa mga kababayan nating matagal nang naninirahan sa Cambodia para makapulot ng mga "tips" at payo na makakatulong sa iyong pag-adjust sa bago mong kapaligiran?*



Halina at dumalo sa darating na edisyon ng *"Kapihan sa Pasuguan"* na gaganapin ngayong ika-24 ng Pebrero (Linggo), ganap na 1:30 pm, sa Multi-purpose Hall ng ating Embahada.

Ang mga magsisilbing Resource Persons ay mga kapwa Filipino na matagal ng naninirahan sa Cambodia at siyang magbibigay kasagutan sa inyong mga tanong para mapa-inam ang inyong pamamalagi sa Cambodia.

Maliban dito, ang Embahada ay nag-imbita ng isang opisyal mula sa General Department of Immigration upang mag-bahagi ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa immigration policy at procedures ng Cambodia.

Ang mga opisyales ng Embahada ay magpapa-abot din ng mga impormasyon tungkol sa kasalukuyang seguridad sa Cambodia at sa pag-legalize o pag-acknowledge (o “red ribbon”) ng mga employment contracts.

Ang Consular Section ng Embahada ay magiging bukas sa araw na ito, mula 1:00-4:00 pm, upang mag-bigay ng mg sumusunod na serbisyo:

- Embassy ID issuance and renewal;
- Passport renewal and passport extensions;
- Civil registry (Report of Birth and Report of Marriage); and
- Notarial services (e.g. acknowledgment of employment contract, affidavit of invitation, etc.).

Ang Embahada ay magpapalabas din ng pelikulang ***“English Only, Please”*** sa araw na ito, mula 4:00-6:00 pm. Ang pelikulang ito pinangungunahan nila Jennelyn Mercado at Derek Ramsay.

Maari pong magpa-rehistro ng inyong pagdalo sa pamamagitan ng:

- FB event na ginawa para sa kaganapang ito
- Tumawag/text/viber sa: +855-98-888-920

Tara na, magkita-kita po tayo sa ating Kapihan sa Pasuguan.

**Kapihan sa Pasuguan/Post-arrival Orientation Briefing**
**24 February 2019**
**Embassy of the Republic of the Philippines**
**Phnom Penh, Kingdom of Cambodia**

| | |
|---|---|
| **1:00-4:00 pm** | **Sunday Consular Services** |
| **1:30-3:30 pm** | **Post-arrival Orientation Briefing** |
| | - Brief welcome remarks by Ambassador Christopher B. Montero<br>- Briefing on Cambodian immigration policy and procedures<br>- Security briefing<br>- Briefing on Acknowledgement of Employment Contracts<br>- Roundtable discussion on living and working in Cambodia |
| **3:30 pm** | **Refreshments** |
| **4:00-6:00 pm** | **Film screening of “English Only, Please”** |
| | **END OF KAPIHAN** |